# Selebrasyon ng Chinese New Year, pangungunahan ni Mayor Joy

Pangungunahan ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang pagdiriwang ng Chinese New Year sa lungsod sa January 26 kasama ang China Ambassador to the Philippines na si Huang Xilian bilang guest of honor sa okasyon.

Ang okasyon na host ang QC government ay dadaluhan din ng Filipino Chinese Chamber of Commerce and Industry Inc. President Henry Lim Bon Liong; QC Association of Filipino Chinese Businessmen Inc. President Joseph Lim Bon Huan at QC Chinatown Development Foundation Chairman Charles Len.

Sa press launch kahapon ng okasyon sa QC, sinabi ni Liong na nakikiisa ang samahan sa pagsalubong sa Year of the Metal Rat sa pangunguna ni Mayor Belmonte.

Anya ang okasyong ito ay magbubunsod sa pagsigla ng turismo sa lungsod at pagyaman ng kultura laluna ngayong maganda ang ugnayan ng Pilipinas at China. Noong nagdaang taon anya ay may 1.5 milyong turistang Tsino ang nagpunta sa Pilipinas.

Anya dahil sa sipag at dedikasyon ni Belmonte sa tungkulin ay nakikita niyang hindi lamang magiging sentro ng negosyo ang QC, edukasyon at IT kundi magiging tanyag bilang entertainment capital ng Pilipinas at fast growing tourist destination sa bansa.